Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-30 NG HUNYO, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9;00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE.............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 151-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 26-T'97/KAUTUSANG BARANGAY BLG. 02-T'97 NG SANGGUNIANG BARANGAY OOGONG NA NAGBABAWAL SA MGA SASAKYANG HUMAHAKOT NG GRABA, BATO, BUHANGIN AT MGA KAURI NITO NA TUMAKBO NANG WALANG TAKIP NA TOLDA O TRAPAL ANG MGA HINAHAKOT SA NASASAKUPAN NG NABANGGIT NA BARANGAY.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 26-T'97/Kautusang Barangay Blg. 02-T'97 ng Sangguniang Barangay Oogong na nagbabawal sa mga sasakyang humahakot ng graba, bato, buhangin at mga kauri nito na tumakbo nang walang takip na tolda o trapal sa nasasakupan ng nabanggit na barangay upang maiwasan ang pagkahulog sa mga bagay na hinahakot ng mga nasabing sasakyan na nakasaad sa itaas nito na nagiging sanhi ng aksidente at kapahamakan sa mga taong naglalakad at kasalubong na mga sasakyan;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay masuri at makita ang kapakinabangang maidudulot nito sa mga mamamayan ay ipinasya ng nakatalagang Kagawad Jeffrey A. Villaseñor na inirekomendang pagtibayin na ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jeffrey A. Villaseñor na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. De Leon, Bernardo E. Ison, Heidi S. Ciriaco at Celestino D. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 26/Kautusang Barangay Blg. 02-T'97 ng Sangguniang Barangay Oogong na nagbabawal sa mga sasakyang humahakot ng graba, bato, buhangin at mga kauri nito na tumakbo nang walang takip o trapal ang mga hinahakot sa nasasakupan ng nabanggit na barangay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. barangay Oogong, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Sandicho
JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan